

# EASY TAGALOG

By JOSE G. KATINDIG

I— *LAYUNIN*: UPANG MALAMAN ANG WASTONG PAGGAMIT NG *DAPAT, IBIG, KAILANGAN,* AT *MAAARI.*

*OBJECTIVE*: To know the correct use of *dapat, ibig, kailangan* and maaari.

II— a—*Paksâ*: (*Subject Matter*):

I— *dapat* . . . . . . . *ought* or *must*

| | |
|---|---|
| 1— Kayó ay *dapat* kumain ng mga gulay. | 1— You *ought* to eat vegetables. |
| 2— Tayo ay *dapat* gumawâ. | 2— We *ought* to work. |
| 3— Siyá ay *dapat* matulog nang maaga. | 3— She *ought* to sleep early. |
| 4— Si Luís ay *dapat* mag-aral na mabuti. | 4— Luis *ought* to study well. |
| 5— Si Maria ay *dapat* mag-aral ng Wikang Pambansá. | 5— Maria *ought* to study the National Language. |
| 6— Hindî tayo *dapat* mag-aksayá ng gintóng panahón. | 6— We *must* not waste precious time. |
| 7—Hindî kayó *dapat* magkagalít. | 7— You *must* not quarrel. |
| 8— Ang magkakapitbahay ay *dapat* magtulungán. | 8— The neighbors *must* help one another. |
| 9— Ang mga mámamayán ay *dapat* tumulong sa pámahalaán. | 9— The citizens *must* help or cooperate with the government. |
| 10— Ang bawa't mámamayán ay *dapat* magkaroón ng hanapbuhay. | 10— Every citizen *ought* to have an occupation. |
| 11— Ang mga anák ay *dapat* magmahál at gumalang sa kaniláng mga magulang. | 11— The sons and daughters *must* love and respect their parents. |
| 12— Ang mga nag-áaral ay *dapat* gumalang at sumunód sa kaniláng mga gurò. | 12— The pupils *must* respect and obey their teachers. |

II— *Ibig* . . . . . . . *Wish — Like — Want*

| | |
|---|---|
| 1— *Ibig* ni Juan na makakita ng salapî. | 1— Juan *wishes* to earn money. |

2— *Ibig* ng maysakít na pumasok sa pagamutan.
3— *Ibig* ni Matildeng mag-aral sa gabí at magtrabaho sa araw.
4— *Ibig* ng aking mga magulang na mag-aral akó ng panggagamót.
5— *Ibig* ng aming amá na magtayô ng isáng bagong bahay.
6— *Hindî ibig* ni Petrang maghintô ng pag-áaral.
7— *Hindî ibig* ng punong-gurò na magkaroón ng mga tamád na mga gurò.
8— *Ibig* naming tumulong sa inyó.
9— *Ibig* na ba ninyóng magpahingá?
10— *Ibig* ba ni Mameng na magpuntá sa lalawigan?
11— *Ibig* kong matulog nang maaga, nang magisíng nang maaga.
12— *Ibig* ng kapatíd kong babae na mag-aral sa Ameriká.

2— The *patient* likes to enter the hospital.
3— Matilde *likes* to study at night and work in the day.
4— My parents *wish* that I study medicine.
5— Our father *likes* to build a new house.
6— Petra *does not* like to stop studying.
7— The principal *does not like* to have lazy teachers.
8— We *like* to help you.
9— Do you want to rest now?
10— Does Mameng *want* to go to the province?
11— I *like* to sleep early so that I can wake up early.
12— My sister *wishes* to study in America.

III— *Kailangan* . . . . . . . *Need* or *Necessary*

1— *Kailangang* magsabi ka ng totoó.
2— *Kailangang* ang maysakít ay huwág magsalitâ.
3— *Hindî kailangang* tayo'y gumugol nang malakí.
4— *Kailangan* natin ang gumawâ upáng mabuhay.
5— *Kailangang* puksaín ninyó ang mga kulisap na sumisirá ng mga halaman.
6— *Kailangang* maligò tayo araw-araw.
7— *Kailangang* kumain kayó ng sariwang mga gulay araw-araw.
8— Ang maysakít ay *kailangang* uminóm ng sariwang gatas tuwíng umaga.
9— *Kailangang* maglinis tayo ng bahay at bakuran.
10— *Kailangang* ang mga mámamayán ay magbayad ng buwís sa pámahalaán.
11— *Kailangang* ang lahát ng mga gurò ay sumapì sa PPSTA.

1— You need to tell the truth.
2— It is *necessary* that the patient should not talk.
3— It is *not necessary* that we spend much.
4— We *need* to work in order to live.
5— You *need* to exterminate the insects which destroy plants.
6— We *need* to take a bath everyday.
7— You *need* to eat fresh vegetables everyday.
8— The patient *needs* to drink fresh milk every morning.
9— We *need* to clean the house and the yard.
10— The citizens *need* to pay taxes to the government.
11— All teachers *need* to join the PPSTA.

12— *Kailangang* ang bawa't gurò ay magíng mambábasá ng PHILIPPINE EDUCATOR.

12— It is *necessary* that every teacher becomes a reader of the PHILIPPINE EDUCATOR.

### IV— *Maáarì* . . . . . . . *CAN* or *May*

1— *Maáarì* tayong gumawâ ng mga murang tahanan.

1— We *can* make cheap homes or We *may* make cheap homes.

2— Ang batà ay *maáaring* bumasa ng aklát.

2— The child *can* read the book. or The child *may* read the book.

3— Ang aking tinuturuan ay *mááaring* sumulat sa Wikang Pambansá.

3— My pupils *can* write in the National Language or My pupils *may* write in the National Language.

4— Bb. Santos, *maáarì* na pô ba kamíng umuwî?

4— Miss Santos, *can* we go home? or Miss Santos, *may* we go home?

5— *Maáarì* nang sumahod ng suweldo ang mga gurò.

5— The teachers *can* now draw their salary or The teachers *may* now draw their salary.

6— Ang isdâ ay *maáaring* lumangóy at sumisid sa tubig.

6— The fish *can* swim and dive in the water or The fish *may* swim and dive in the water.

7— Ang ibon ay *maáaring* lumipad at kumantá.

7— The bird *can* fly and sing or The bird *may* fly and sing.

8— Ngayó'y *maáarì* na akóng magtalumpatì sa Wikang Pambansá.

8— I *can* now deliver a speech in the National Language or I *may* now deliver a speech in the National Language.

9— Ngayó'y *maáarì* na kayóng magpatayô ng mga bagong bahay.

9— Now, you can build new houses or Now, you may build new houses.

10— Silá'y *maáarì* nang mabuhay nang nagsásarilí.

10— They can now live independently or They may now live independently.

11— Hindî pa kayó *maáaring* magsalitâ at sumulat ng Wikang Pambansá.

11— You can not as yet speak and write the National Language.

12— Marami sa mga gurò sa aming páaralán ay *maáarì* nang magsalitâ at sumulat ng Wikang Pambansá.

12— Many of the teachers in our school can now speak and write the National Language.

### II— *PAGSASANAY . . . . . EXERCISES*

Gamitin sa limáng ibá't ibáng wastóng pangungusap ang bawa't isá sa mga sumúsunód na salitâ: *dapat, ibig, kailangan* at *maárì.*

(Use in five different correct sentences each of the following words: *dapat, ibig, kailangan* and *maáarì.*)